


Hakbang 1

Ihanda ang Root Ball

true root flare

1. Ilantad ang true root flare (kung saan nakadikit sa trunk ang mga unang pangunahing ugat). Posibleng kailanganin mong mag-alis ng kaunting lupa sa itaas para makita ang root flare.
2. Tanggalan ng lupa ang root ball gamit ang iyong mga kamay at diretsuhin ang malalambot at maliliit na ugat.
3. Alisin ang anumang malaki at paikot na ugat.





! Huwag hayaang matuyo ang mga ugat habang naghuhukay ka. Diligan nang husto ang mga ito at pansamantalang ibalik ang puno sa paso hangga't hindi pa ito naitatanim.

Hakbang 2

Halaman


1. Alisin ang mga damo sa 4 na talampakang paligid lugar.
2. Maghukay ng malawak, pero mababaw na butas, na kasinlalim lang ng root ball; humigit-kumulang 4 na talampakang lapad na may 8 pulgadang lalim.
3. Ilagay ang poste sa hinukay at matiyak ang wastong lalim ng pagtatanim.
4. Ibaon ang puno at tabunan ang hinukay gamit ang parehong lupa na binungkal mo rito.



Hakbang 3

Poste

1. Alisin muna ang manipis na poste para sa nursery sa trunk - hindi na ito kakailanganin at makakasama ito sa puno kung maiiwan sa lugar nito.
2. (opsyonal) Kung kinakailangan, lagyan ng suporta ang murang puno gamit ang 2 poste (kasama), 18 pulgada mula sa trunk.
3. Itali nang maluwag ang puno para hindi ganap na mapiit ang trunk kapag mahangin.



! Dapat manatili ang mga poste at tali hangga't hindi naisasaayos ang ugat ng puno. Maayos na ang mga ugat kapag maiuuga mo na ang trunk at hindi gumagalaw ang lupa (6 na buwan - 2 taon).

Hakbang 4

Mulch


Nagagawa ng mulch na magpanatili ng mas malamig ang lupa, magpanatili ng tubig, at mabawasan ang mga damo.



1. Maglagay ng 1 pulgadang layer ng compost sa itaas ng lupa para hayaan ang mga pangunahing sustansya na mababad sa lupa sa paglipas ng panahon.

2. Maglagay ng wood chip mulch sa isang 4 na talampakang palibot ng puno, 4 na pulgada mula sa trunk, na may 6 na pulgada kapal.

+ 3. Magdagdag ng higit pang mulch sa itaas kapag nawawala na ito, humigit-kumulang isang beses kada taon.




! Makakuha ng mga LIBRE na wood chip sa SMUD. Pumunta sa sactree.com/mulch para matuto pa.



Mula noong 1990, nagtulungan na ang SMUD at ang Sacramento Tree Foundation para magpalago ng kalahating milyong mga puno sa ating komunidad.

Higit pang tip at video sa pangangalaga:
sactree.com/howtoplant
 (916) 924-8733



Hatid sa inyo ng




Hakbang 5

Tubig



Maglagay ng mabagal at hustong babad sa mga nanunuyong bahagi.

1. Tingnan ang lupa sa ilalim ng surface para malaman kung kinakailangan ng tubig.
2. Gumawa ng maliit na butas sa ibaba ng 5 galon na timba at itagay ito sa tabi ng puno. Lagyan ito ng tubig 1-3 beses kada linggo, para sa kabuuan ng 10-15 galon kada linggo.




Makakatulong din ang paggamit ng mga soaker hose at drip emitter. Hindi pinapalitan ng paggamit ng mga lawn sprinkler ang pangangailangan sa malalim na pagdidilig sa mga puno.

Hakbang 6

Prune

Simulan ang structural pruning sa unang taglamig pagkatapos ng pagtatanim at tingnan ito kada taglamig.

1. Alisin ang anumang malalaki at nagbabanggaang sanga na kasingtaas ng pangunahing trunk.
2. Puwedeng alisin ang mga patay at sagabal na sanga anumang oras sa buong taon.
3. Putulan ang mga mas mababang sanga kung lampas sa 1 talampakan - dahil pansamantala lang ang mga ito.
4. Alisin ang mga usbong.



Huwag mag-alis ng higit sa 25% ng puno sa isang taon. Bisitahin ang sactree.com/prune para sa higit pang gabay.

Gabay sa Pagtatanim at Pag-aalaga ng Puno

Mga tip mula sa mga eksperto para tulungang lumago ang iyong puno at energy savings!



Hatid sa inyo ng

